Seattle Neighborhoods

# PAGLABAS NG BALITA

**Kontak sa Medya:** Sam Read, 206.727.8808, sam.read@seattle.gov

## Ang Komisyon ng Muling Pagdistrito ng Seattle (Seattle Redistricting Commission) ay iniimbitahan kayo na sumali sa mga pampublikong pagtitipon

**SEATTLE** (Abril 29,2022) - Ang Komisyon ng Muling Pagdistrito ng Seattle (Seattle Redistricting Commission) ay kasalukuyang sinusuri kung paano muling iguguhit ang hangganan ng pitong Distrito ng Konseho sa Lungsod ng Seattle at iniimbitahan ang mga miyembro ng komunidad na alamin ang tungkol sa proseso at magbigay ng tugon sa paparating na mga pampublikong pagtitipon. Ang mga indibidwal na pagtitipon ay naka-iskedyul para sa bawat Distrito ng Konseho ng Lungsod. Sa mga pagpupulong na ito, ang Komisyon ng Muling Pagdistrito ng Seattle (Seattle Redistricting Commisioners) ay tuturuan ang mga miyembro ng komunidad tungkol sa proseso ng muling pagdistrito at interaktibong mga mapa na nagdedetalye ng mga planong pagpalit ng mga hangganan at kung paano maaring mapektuhan ang mga partikular na mga distrito. Ang mga pagpupulong ay magiging halo (magagamit ang parehong online at sa personal) at ang mga miyembro ng publiko ay magkakaroon ng pagkakataong upang magtanong at magbigay ng mga puna diretso sa Komisyon.

"Ang mga komisyoner ay nangangailangan ng iyong mga saloobin at gabay sa kung anong mga pagsasaalang-alang ang pinakamahalaga sa iyong komunidad sa iyong mga Distrito ng Konseho ng Lungsod," sabi ni Eliseo Juarez, Tagapangulo ng Komisyon ng Muling Pagdistrito ng Seattle (Seattle Redistricting Commission). "Dapat ba itong sumunod sa mga burol at mga daluyan ng tubig o maging siksik hangga't maaari?" "Dapat ba nitong hangarin na mapanatili ang mga makasaysayang lugar ng komunidad sa iisang distrito? Kailangan namin ang inyong pakikilahok upang malaman kung paano kami gagawa ng panghuling mapa na kumakatawan sa bawat kapitbahayan at komunidad nang patas para sa susunod na dekada."

Ang Komisyon ng Muling Pagdistrito ng Seattle (Seattle Redistricting Commission) ay isang malayang, walang kapartido na limang katao na itinalaga ng mga residente ng Seattle na responsable para sa muling pagguhit ng mga bagong hangganan ng Distrito ng Konseho upang ipakita ang paglaki ng populasyon ng lungsod. Sinusunod ng komisyon ang pamantayang ipinag-uutos ng Charter ng Lungsod gamit ang kadalubhasaan ng geographic information system (GIS) at ang pinakabagong datos ng 2020 Census upang gumuhit ng mga bagong hangganan at makagawa ng mga distrito na humigit-kumulang pantay sa populasyon. Hanggang sa praktikal, dapat ding isaalang-alang ng Komisyon ang mga karagdagang salik, tulad ng pagsunod sa mga umiiral na hangganan ng distrito, pagkilala sa mga daluyan ng tubig at mga hangganan ng heograpiya, at pagkilala sa mga komunidad at kapitbahayan ng Seattle.

Ayon sa 2020 Census, ang populasyon ng Seattle ay nasa 737,015, paglago ng 21.1% mula noong 2010. Ang proseso ng muling pagdistrito ay magtitiyak na, sa 2023 siklo ng halalan, ang bawat Distrito ng Konseho ng Seattle ay magsasama ng humigit-kumulang 105,288 katao. Upang makamit ang bilang na ito, muling

iguguhit ng Komisyon ang mga linya ng hagganan ng lahat ng distrito, papalawakin ang mga Distrito 1, 2, 5, at 6 at papaliitin ang 3,4, at 7.

**Dumalo sa pampublikong pagtitipon**
Magrehistro nang maaga sa https://seattle.surveymonkey.com/r/VXM2PGW.

- **Pampublikong Pagtitipon sa Distrito 1: Mayo 15, 2022 mula 1:00pm-3:00pm**
  Pisikal na Lokasyon: High Point Library, High Point Meeting Room: 3411 SW Raymond St, Seattle, WA 98126
  Birtual na Link: https://us06web.zoom.us/j/81346766847

- **Pampublikong Pagtitipon sa Distrito 2: Mayo 19, 2022 mula 5:30pm-7:30pm**
  Pisikal na Lokasyon: El Centro de la Raza Centilia Cultural Center: 1660 S Roberto Maestas Festival St, Seattle, WA 98144
  Birtual na Link: https://us06web.zoom.us/j/81813406544

- **Pampublikong Pagtitipon sa Distrito 3: Hunyo 2, 2022 mula 5:30pm-7:30pm**
  Pisikal na Lokasyon: Garfield Community Center, 2323 E Cherry St, Seattle, WA 98122
  Birtual na Link: https://us06web.zoom.us/j/82983603669

- **Pampublikong Pagtitipon sa Distrito 4: Hunyo 9, 2022 mula 5:30pm-7:30pm**
  Pisikal na Lokasyon: Wallingford Community Senior Center within The Good Shepherd Center, 4649 Sunnyside Avenue North. suite 140
  Birtual na Link: https://us06web.zoom.us/j/82217028349

- **Pampublikong Pagtitipon sa Distrito 5: Hunyo 16, 2022 mula 5:30pm-7:30pm**
  Pisikal na Lokasyon: Lake City Branch - Seattle Public Library Meeting Room, 12501 28th Ave NE, Seattle, WA 98125
  Birtual na Link: https://us06web.zoom.us/j/85403374640

- **Pampublikong Pagtitipon sa Distrito 6: Hulyo 14, 2022 mula 5:30pm-7:30pm**
  Pisikal na Lokasyon: Ballard Branch - The Seattle Public Library, 5614 22nd Ave NW, Seattle, WA 98107
  Birtual na Link: https://us06web.zoom.us/j/82177793287

- **Pampublikong Pagtitipon sa Distrito 7: Hulyo 21, 2022 mula 5:30pm-7:30pm**
  Pisikal na Lokasyon: Bertha Knight Landes (BKL) Room - First Floor of City Hall, 600 4th Avenue, Seattle WA, 98104
  Birtual na Link: https://us06web.zoom.us/j/86215361885

Kung ikaw ay hindi makadalo sa isang pampublikong pagtitipon, maaari ka ring lumahok sa proseso sa pamamagitan ng pagtingin sa mga draft na mapa at pagsusumite ng pampublikong komento sa https://www.seattle.gov/redistricting/how-to-participate.

Kung nais ninyo ng karagdagang impormasyon o humiling ng mga serbisyo ng tagapagsalin para sa alinman sa mga pampublikong pagtitipon, mangyaring makipag-ugnayan kay Elsa Batres-Boni sa Elsa.Batres-Boni@seattle.gov o (206) 256-6198.

Para sa karagdagan impormasyon tungkol sa Komisyon ng Muling Pagdistrito ng Seattle (Seattle Redistricting Commission), bisitahin ang http://www.seattle.gov/redistricting.

# # #